**Pamagat**: Ipapahiya at Aalisin Kita

**Texto**: Obadiah 1:10 "For thy violence against thy brother Jacob shame shall cover thee, and thou shalt be cut off for ever."
*Pagsasalin*: "Dahil sa karahasang ginawa sa iyong kapatid na Jacob ay kahihiyan ang tatakip sa iyo, at ikaw ay aalisin magpakailanman." (Obadias 1:10)

**Panimula**:

1. Dahil sa pagmamalupit ng Edom sa lahi ni Jacob, na kanilang kalahi naman, ilalagay sila ng Dios sa kahihiyan, at lilipulin sila magpakailanman.
2. God hates violence. Pinopootan ng Dios ang karahasan.
    - 2.1. Hinusga ng Dios ang mundo sa kapanahunan ni Noah, dahil dito. (Gen. 6:11, 13)
    - 2.2. Pride and violence go together. [magkasama] (Psalm 73:6)
    - 2.3. John the Baptist urges violence to no man. (Lk. 3:14)

## I. Ano Ang Mga Karahasan ng Edom kay Judah?

- A. Pinapanigan nila ang kaaway. (v.11)
- B. Nagalak sila sa kalamidad ng kanilang kapatiran. (v.12)
- C. Ninakawan nila ang kayamanan ng Judah sa araw ng kanilang sakuna. (v.13)
- D. Naalipin nila ang kanilang kapatiran. (v.14)
- E. Pagisispan natin ang karahasan at matinding galit ng tao.
    - E.1. May mga salita na binibitaw na hindi maaring isauli.
    - E.2. Ang buhay ng tao ay hindi na maaring maibalik.
    - E.3. Ang mali ay hindi maaring mabura o maiwasto.
    - E.4. Ang sala ay nagdudulot ng kahihiyan.

## II. Ang Ang Gagawin ng Dios sa mga Marahas na Tao?

- A. Bahagi ng Abrahamic Covenant, Genesis 12:1-3 – "Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo."
- B. Ganito rin ang turo ng Zechariah 2:8. – ang sinomang gumagawa ng kasamaan sa inyo, at gumagawa ng kasamaan sa minamahal ng Dios.
- C. Ang Babylonia ay ang pinahintulutan ng Dios upang hatulan ang Judah, pero hindi ang Edom.
- D. Dahil sa kanilang mga criminal na gawain ay papahirin sila ng Dios.
- E. Ang Dios ay ang maghihiganti – Romans 12:19 (Deut. 32:35; Ps. 94:1; Nahum 1:2; Hebrews 10:30). Ipagkatiwala mo sa Dios ang iyong dahilan sa Kanya. Tanggihan mo ang karahasan at kapootan. Hayaan mo na ang Dios ang sasagot para sa Kanyang tagapaglingkod. Maging matibay laban sa kamalian at pinsala – kapag ito ay personal (at hindi "civil" o "criminal").

**Katapusan**:

1. Karumaldumal ang karahasan ng Edom – lalong-;lalo na dahil sila ay makakapatid o magkalahi.

2. Binaliwala ng Edom ang batas ng Panginoon. Malupit ang kanilang mga ginawa sa mga anak ni Abraham, kaya sila rin ay binaliwala ng Dios, at sinumpa sila. Ngayon, sa kasalukuyan, walang Edomites ang nabubuhay. Meyroon silang historical figures, pero wala na sila sa kasalukuyan.

3. Kung nais mong iwasan ang kahihiyan at paglilipul ng Dios – iwasan ang karahasan at ilagay mo sa Panginoon ang iyong galit at ipagtatiwala mo sa Dios ang mga personal na pangyayari at kalagayan.

4. Ang Ten Commandments ay may dalawang bahagi: mahalin ang Dios at mahalin ang kapwa nating tao. Tulungan tayo ng Banal na Espiritu na matutunan natin na huwag tayong tumugon sa karahasan at galit, pero magpakumbaba at magtiwala tayo sa Dios na Siya ang nakakakita sa ating kalagayan, at Siya ang magtatanggol sa atin.